


Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 5: Epiko



**Filipino – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 5: Epiko
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Eunice P. Mirontos, at Emelin F. Luna
Editor:	Steffany R. Fegi
Tagasuri:	Elsa A. Usman, Reyna Joyce B. Barutu, EdD. Juhra Misuari-Dahoroy
Tagaguhit:	Edgardo P. Jamilar Jr.
Tagalapat:	Aljohn Kent S. Galos, Jannibal A. Lojero
Mga Tagapamahala:	Isabelita M. Borres Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Henry P. Tura Elsa A. Usman Reyna Joyce B. Barutu, EdD.

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyon IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Lungsod Pagadian

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Filipino

Ikatlong Markahan – Modyul 5:

Epiko

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay isinagawa upang makatulong sa iyo bilang isang mag-aaral sa pagkamit ng mabisang pagkatuto. Tatalakayin dito ang bahagi ng epiko mula sa Timog-Kanlurang Asya na masasalamin ang kultura at katangiang bumabalot sa mga kasangkot na tauhan. Ang akdang mababasa mo ay magdadala sa iyo sa masining na nilalaman nito. Ipakikita rin ang mga kabayanihang ginawa ng mga tauhan upang mapagtagumpayan ang anumang pagsubok.

Ang modyul na ito ay nahahati sa sumusunod na mga paksa:

Paksa 1 – Kasaysayan ng Epiko ni Rama at Sita

Paksa 2 – Epiko ni Rama at Sita

Kumusta? Harinawa’y maganda ang iyong araw, kaibigan. Nasisiyahan ako’t umabot ka na sa ikalimang modyul. Ako ay nagpapasalamat at nagagalak na natapos mo ang ikaapat na modyul nang may ngiti sa labi.

Mahusay! Malugod kitang binabati, naririto akong muli upang ikaw ay gabayan sa iyong ekspedisyon sa mga kaalamang iyong mababatid sa ikalimang modyul.

Aking kaibigan, nasa isip mo pa ba ang tinalakay sa nakaraang aralin? Ito ay ang Alamat na mula sa bansang Thailand na pinamagatang “Alamat ni Prinsesa Manorah” na isinalin sa Filipino ni Dr. Romulo N. Peralta. Bahagi rin ng aralin ang pagtalakay sa mga pang-abay (pamanahon, panlunan, pamaraan) at mga paraan ng paglalapi na nakatulong sa pag-unawa sa alamat.

Handa ka na ba sa bagong aralin? Magaling! Ako ay natutuwa para sa ating bagong tatalakayin. Alam mo ba na sa modyul na ito ay ating matututuhan ang tungkol sa isang epiko na pinamagatang “Rama at Sita?” Nagmula ito sa bansang India na may makulay na kultura na isinalin sa Filipino ni G. Rene O. Villanueva. Atin ding aalamin ang tungkol sa kulturang masasalamin sa epiko at ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng kulturang Asyano.


Hindi ba, nakapananabik ang modyul na ito, kaibigan? Halina’t ating umpisahan ang ating paglalakbay.

Aking inaasam na sa ating paglalakbay, ang sumusunod ay inaasahang iyong matamo habang isinasagawa ang mga gawain:

1. nailalarawan ang natatanging kulturang Asyano na masasalamin sa epiko;
2. nabibigyan ng katangian ang isa sa mga itinuturing na bayani ng alinmang bansa sa Timog-Kanlurang Asya;

3. nagagamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan ng kulturang Asyano at bayani ng Timog-Kanlurang Asya; at
4. naiisa-isa ang kultura ng Timog-Kanluraning Asyano mula sa mga akdang pampanitikan nito.

Nauunawaan mo ba ang mga layuning kinakailangan mong matamo, kaibigan? Batid kong makakamit mo ang lahat ng iyan!



Subukin

Aking kaibigan, bago tayo magpatuloy sa ating gagawin, nais ko munang subukan ang iyong kakayahan. Huwag kang mangamba, ito ay simple lamang. Nakahanda ka na ba? Halina't ating subukan.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang kasingkahulugan ng salitang karwahe?
 - A. bisekleta
 - B. dyip
 - C. kalesa
 - D. kariton
2. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng paglalarawan?
 - A. Hinigi ni Rama ang tulong ng hari.
 - B. Bihagin mo si Sita upang maging asawa mo.
 - C. Niyakap ni Rama si Sita sa harap ni Surpanaka.
 - D. Nakakita siya ng pinakamagandang babae sa gubat.
3. Alin sa mga pahayag ang **HINDI TOTOO** tungkol sa kahulugan ng epiko?
 - A. Ito ay isang uri ng tulang pasalaysay.
 - B. Binibigyan ng diin ang pinagmulan ng isang bagay.
 - C. Binibigyan ng diin ang katangian ng supernatural ng tauhan.
 - D. Naglalarawan ng kabayanihan at katapangan ng pangunahing tauhan.
4. “Huwag mong iiwan si Sita kahit ano ang mangyari!” sabi ni Rama. Ang pahayag ay _____.
 - A. nakikiusap
 - B. nag-uutos
 - C. nagpapaunawa
 - D. nagmamakaawa

5. Dinala ni Ravana si Sita sa Lanka, ang kaharian ng higante at demonyo. “Mahalin mo lang ako ay ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kayamanan,” sabi ni Ravana pero hindi niya napasuko si Sita. Ang hindi pagsuko ni Sita kay Ravana ay nangangahulugang _____.
- natatakot
 - naniniwala sa milagro
 - may mahal siyang iba
 - matalino sa pagmamahal
6. Sa paanong paraan naiiba ang epiko sa ibang *genre* ng panitikan?
- isinasayaw ang epiko
 - masining na isinasalaysay
 - binibigkas nang paindayog
 - mayaman sa supernatural na pangyayari
7. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang sumasalamin sa kultura ng India batay sa epikong Rama at Sita?
- Paniniwala sa di kapani-paniwalang pangyayari.
 - Paniniwala sa mga supernatural na kapangyarihan ng tao
 - Paniniwala na pinagpapala ng Diyos ang mga makapangyarihan sa lipunan.
 - Paniniwala na pinagpapala ng Diyos ang maganda, matalino at kumikilos nang naaayon sa lipunan.
8. Ito ay isang uri ng panitikang tumatalakay sa kabayanihan at pakikipagtunggali ng isang tao o mga tao laban sa kaaway.
- Epiko
 - Pabula
 - Parabula
 - Rama at Sita
9. Alin sa sumusunod ang **HINDI** maiuugnay sa epiko?
- kultura
 - kuwento
 - tula
 - tuluyan
10. Ano ang pangunahing pinapaksa ng isang epiko?
- Kabaitan
 - Kabayanihan
 - Katapangan
 - Katapatan
11. Alin sa sumusunod ang kabilang sa paniniwala ng mga Hindu?
- Kagandahan
 - Katalinuhan
 - Katotohanan
 - Lahat ng nabanggit
12. Alin sa sumusunod ang naglalarawan sa India?
- Matatagpuan ito sa Europa.
 - Ang pangunahing lunsod ay Tokyo.
 - Bansa itong makikita sa Timog-Kanlurang Asya.
 - Isang maliit na bansa nasa Timog ng Malaysia.

13. Sa sumusunod na sitwasyon, ano ang higit na maituturing na pangyayaring pang-epiko?
- A. Umalis siya at bumalik upang iligtas ang bayan sa halimaw.
 - B. Pinarusahan siya ng isang diwata at ginawa siyang isang prutas.
 - C. Siya ay ipinanganak sa kalsada at ito ang kaniyang naging tahanan.
 - D. Naging masaya ang magkakaibigang pusa dahil sa kanilang tagumpay.
14. Ano ang ibig sabihin ng pahayag na “Kakampi nila ang mga Diyos” kung ang usapan ay pagkapanalo sa kaaway?
- A. Maiiwasan nila ang mga kaaway dahil sila ang mga Diyos.
 - B. Lahat ng bagay ay kaya nilang gawin dahil binabantayan sila ng mga Diyos.
 - C. Ang mga kaaway ay madali nilang matatalo dahil nasa panig nila ang mga Diyos.
 - D. Hindi kayang labanan ng mga kaaway dahil sa supernatural na kapangyarihan na galing sa Diyos.
15. “Walang nangahas na umibig kay Ravana dahil siya ay hari ng higante at demonyo.” Ano ang mabubuo mong hinuha tungkol sa pahayag?
- A. Marahil, takot ang kababaihan sa kaniyang anyo.
 - B. Siguro, ayaw siya ng kababihan dahil siya ay makapangyarihan.
 - C. Baka walang magkakagustong babae sa kaniya dahil siya ay mabagsik na hari.
 - D. Sa palagay ko, walang magkakagustong babae sa kaniya dahil siya ay higante at demonyo.

Aralin

1

Epiko

Kapuri-puri! Ngayon, kaibigan, samahan mo akong maglakbay sa Timog-Kanlurang Asya. Puntahan at alamin natin ang panitikan ng India. Tulad ng maraming bansa sa mundo, mayaman din ito sa mga akdang pampanitikan tulad ng epiko. Masasalamon sa kanilang mga naisulat ang kanilang mga pangarap, mithiin, paniniwala, kultura at tradisyon. Nakamamangha hindi ba?

Sa araling ito, kaibigan, inaasahang maipamamalas mo ang iyong pag-unawa sa epiko mula sa India na may pamagat na “Rama at Sita” na isinalin sa Filipino ni Rene O. Villanueva. Bahagi ng aralin ang pagtalakay sa mga uri ng paghahambing upang higit mong maunawaan ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga bansa sa Asya. Binibigyan ng tuon din natin kung paano naipakikita sa mga epiko ang kabayanihan ng isang tao. Ang sagot sa mga tanong na ito ay malalaman mo lamang pagkatapos mong pag-aralan at isagawa ang lahat ng mga tagubilin na ating marapat na malaman sa araling ito.

Inaasahan ko rin na sa pagtatapos ng araling ito ay makapagtatanghal ka sa masining na paraan ng isang *INFORMANCE* tungkol sa itinuturing na bayani sa alinmang bansa sa Asya. Itataya ang produkto o pagganap batay sa sumusunod na mga pamantayan: kasuotan o *props*, pagganap ng tauhan, at kulturang lumitaw sa epiko.


Nauunawaan mo ba aking kaibigan? Ikaw ba’y nakahanda na? Halina’t tayo’y magpatuloy nang may kagalakan sa puso’t isipan.



Balikan

Aking kaibigan, bago tayo magpatuloy, sagutin mo muna ang nakalaang tanong. Kapag narinig mo ang salitang “INDIA”, ano ang agad na pumapasok sa iyong isipan? Punan ang *bubble map* ng mga ideya o salitang maiuugnay mo sa mga salitang ito.

Galingan mo! Maging malikhain sa paglalarawan tungkol sa salitang “India”. Umpisahan mo na.



Mga Tala para sa Guro

Ang guro ay maaaring gumamit ng tala o *handouts* sa pagsasakatuparan ng mga mag-aaral sa modyul.



Tuklasin

Maging handa dahil tutuloy na tayo sa susunod na gawain.

Bago natin basahin ang Epikong “Rama at Sita,” aalamin muna natin ang kasaysayan at kahulugan ng epiko. Tara na’t ating tuklasin. Alam mo ba na noong panahon ng katutubo, bago pa man dumating ang mga mananakop na Espanyol sa Pilipinas ay mayroon ng mga panitikang nagpasalindila at ito ang kuwentong kagaya ng iyong babasahin sa araling ito. Kapansin-pansin na hanggang ngayon ang mga ganitong uri ng panitikan ay kinagigiliwan pa ring basahin ng mga kabataan. Isang halimbawa riyon ay ang epiko na tumatalakay sa mga hindi kapani-paniwalang pangyayari.

Ang **epiko** ay isang uri ng panitikang tumatalakay sa kabayanihan at pakikipagtunggali ng isang tao o mga tao laban sa kaaway. Ito ay karaniwang nagtataglay ng mga mahiwaga at kagila-gilalas o hindi kapani-paniwalang pangyayari. Ang mga epiko ay inihahayag nang pasalita, patula, o paawit. (sa iba’t ibang estilo); maaaring sinasaliwan ng ilang mga instrumentong pangmusika o minsan nama’y wala. Ito rin ay maaaring gawin nang nag-iisa o ng grupo ng mga tao. Ang haba ng mga epiko ay mula 1,000 hanggang 55,000 linya kaya’t ang pagtatanghal dito ay maaaring abutin ng ilang oras o araw.

Nakamamangha ang ating natuklasang kaalaman ukol sa epiko hindi ba? Magaling! Ngayon, alam ko na ikaw ay handang-handa na sa ating babasahin dahil ikaw ay mayroon ng kaalaman tungkol sa kahulugan at kasaysayan ng epiko. Halika na! Umpisahan na nating basahin ang epikong nagmula sa India na pinamagatang” Rama at Sita (Isang Kabanata)” na isinalin sa Filipino ni G. Rene O. Villafuerte.

Unawain at isapuso ang iyong babasahin. Maligayang pagtuklas sa kagila-gilalas na akdang pampanitikang magbibigay sa iyo ng natatanging aral.

Paalala: Para sa Kabuuan ng akda

SUMANGGUNI LAMANG SA:

AKLAT: PANITIKANG ASYANO MODYUL NG MAG-AARAL FILIPINO 9

Rama at Sita (Isang Kabanata)
Epiko- Hindu (India)
Isinalin sa Filipino ni Rene O. Villanueva
Pahina: 182 - 186






Suriin


Mahusay, kaibigan! Ano ngayon ang iyong nadarama? Ikaw ba'y napaiisip, namamangha, at lubos na napaiibig ng kuwento ng pagmamahalan nina Rama at Sita?

Magaling! Dahil natapos mo na itong basahin, ikaw ay maaari ng magsaliksik tungkol sa isang bayani ng bansang India. Matapos mong magsaliksik tungkol sa bayaning iyong napili, sagutin mo ang tanong na ito.

Paano mo nasabi na siya ay karapat-dapat na maging isang bayani sa bansang kaniyang pinagmulan?

Itala mo kaibigan ang mga impormasyon/datos tungkol sa kaniya sa **Sandwich chart**. Husayan mo at gawing malikhain ang iyong sagot.






Pagyamanin

Sa pagkakataong ito, mula sa itinalang mga katangian ng bayaning napili mula sa ibang bansa, ihambing ito sa mapipili mong bayani ng ating bansa ayon sa kanilang pagkakaiba at pagkakatulad gamit ang *Venn Diagram*. Gayahin mo ang padron o pormat sa ibaba.

Subukan mong makasagot sa mas impormatibong pahayag mula sa datos na iyong nasaliksik.



Isaisip

Magaling, kaibigan! Ngayon, mas lalo nating palawigin ang iyong kaalaman, tungkol sa kultura ng mga bansa sa Asya sa pamamagitan ng pagtukoy sa isang bayaning lubos na ipinagmamalaki ng alinmang bansa sa Asya.

Alam mo ba kaibigan na hinangaan si Rama sa kaniyang angking husay sa pakikipagdigmaan? Itinuring isang bayani dahil sa mga kakaibang katangian niya. Hindi ba't siya ay nakamamangha! Ngayon naman, mag-isip ka ng isang bayani mula sa alinmang bansa sa Asya maliban sa bansang India at Pilipinas. Gumamit ka ng iba't ibang reperensiya o sanggunian tungkol sa taong pinili mo upang makakalap ka ng kinakailangan mong impormasyon/datos. Isulat ang paglalarawan sa loob ng kahon. Galingan mo, kaibigan!

Pangalan ng Bayani

Paglalarawan sa Napiling Bayani:



Isagawa

Ngayon, lalong naging kapana-panabik ang ating mga gawain sa araling ito. Dapat lalo mong pakahusayan dahil sa puntong ito, masusukat ang mas malalim mong pag-unawa sa aralin. Sagutin mo ang kasunod na tanong. Unawain itong mabuti.

Sa mga naitalang katangian ng iyong napiling bayani, ano ang mga katangiang maihahalintulad mo sa iyong sarili? Gamit ang patlang sa ibaba, sumulat ng isang talatang binubuo ng hindi bababa sa limang pangungusap upang paghambingin ang inyong katangian gamit ang mga angkop na salita sa paglalarawan. Salungguhitan ang mga salitang naglalarawan o pang-uring ginamit mo.

Maging matapat ka sa paghahambing ng iyong sarili kaibigan dahil ang gawaing ito ay makatutulong sa pagkilala ng iyong sarili o kung gaano mo ba kakilala ang iyong sarili.

Pamantayan sa Pagmamarka

Krayterya	Natatangi 5	Katamtamang Kagalingan 3	Nangangailangan ng tulong 1
Gramatika	Angkop ang gamit ng mga salitang naglalarawan sa talata.	May isa hanggang limang salitang naglalarawan na hindi angkop ang gamit sa talata.	May anim o higit pang salitang naglalarawan na hindi angkop ang gamit sa talata.
Nilalaman	Mahusay na naihahambing ang katangian ng bayani sa sarili.	May ilang katangiang malabo ang pagkakaugnay sa sariling katangian.	Hindi naipakita ang kaugnayan ng napiling bayani sa sariling katangian.



Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

- Anong katangian ni Lakshamanan ang lumutang sa bahaging ito ng akda?

Nasaktan si Lakshamanan sa bintang ni Sita. Para patunayang mahal niya ang kapatid, agad siyang sumugod sa gubat.

- may pusong mamon
- magaling makipaglaban
- mapagmahal na kapatid
- padalos-dalos sa pagdedesisyon

2. Ano ang higit na katangiang ipinamalas ni Sita sa bahaging ito?


“Mahalin mo lang ako ay ibibigay ko sa iyo ang lahat ng kayamanan” sabi ni Ravana. Pero hindi niya napasuko si Sita.

- A. taksil na kabiyak
 - B. matapat sa sarili
 - C. matalinong mag-isip
 - D. naghahangad ng kapangyarihan
3. Alin sa sumusunod ang katangiang ipinamalas ni Rama sa akda?
- A. agresibo
 - B. maaasahan
 - C. matapat
 - D. pursigido
4. Alin sa sumusunod ang higit na nagpapakita ng katangian ng isang epiko?
- A. Ang paksa ay tumutuligsa sa mga isyung panlipunan.
 - B. Ang paksa ay tumatalakay sa pinagmulan ng isang bagay.
 - C. Ang tauhang gumaganap ay mga hayop na nakapagsasalita.
 - D. Ang tauhan ay madalas na nakikipagdigma para sa mga mahal sa buhay.
5. Alin sa mga pahayag ang **HINDI TOTOO** tungkol sa kahulugan ng epiko?
- A. Ito ay isang uri ng tulang pasalaysay.
 - B. Binibigyan ng diin ang pinagmulan ng isang bagay.
 - C. Binibigyan ng diin ang katangiang supernatural ng tauhan.
 - D. Naglalarawan ng kabayanihan at katapangan ng pangunahing tauhan.
6. Sa paanong paraan naiiba ang epiko sa ibang uri ng tula?
- A. binibigkas nang paindayog
 - B. mayaman sa supernatural na pangyayari
 - C. inaalay sa mga namayapang mahal sa buhay
 - D. may sukat na labingwalong pantig sa bawat taludtod
7. Nagpanggap bilang isang Brahmin na pinakamataas sa lipunan si Ravana. Ano ang ipinakikita nito sa kulturang Hindu?
- A. May pagpapangkat ng uri ng tao
 - B. Mapagpanggap ang ilang mamamayan
 - C. Kailangang tumakas sa katotohanan para yumaman
 - D. Ang kayamanan ay nasa katotohanan ng pamumuhay
8. Alin sa sumusunod ang kabilang sa kulturang Hindu?
- I. Pagsasagawa ng Cañao
 - II. Sinusunog ang bangkay ng mga taong namayapa
 - III. Brahmin ang pinakamataas na antas sa sistemang caste.
 - IV. Kinikilala ang sistemang caste sa pagpapangkat ng tao sa lipunan.
- A. I, II
 - B. II, IV
 - C. I, II, III
 - D. II, III, IV

9. Nagdasal si Sita na sana ay makita ni Rama ang palatandaan para masundan siya at mailigtas. Anong pagpapahalagang Pilipino ang maihahambing sa ikinilos ng tauhan?
- pag-asa sa tadhana
 - pagiging matulungin sa iba
 - pagsasaisip sa lahat ng tao
 - pagkapit sa Diyos sa oras ng kagipitan
10. Sa epikong binasa, ipinakita ng mga tauhan na hindi matatawaran ang pagmamahal nila sa kani-kanilang pamilya. Ang ganitong pagpapahalaga ay nasasalamatin din sa ilang bansa sa Asya. Ano ang mabubuong kongklusyon mula rito?
- Masakit ang mawalan ng pamilya.
 - Higit na pinahahalagahan ng mga Asyano ang pamilya.
 - Dapat ipagtanggol ang kapamilya kahit nasa maling panig.
 - Ang matiwasay na relasyon ng pamilya ay magdudulot ng kapangyarihan sa angkan.
11. Ayon sa paniniwala ng mga Hindu, ang *antyeesti* ay isang proseso kung saan mabilis na inihihwalay ang kaluluwa mula sa bangkay ng taong namayapa. Alin sa sumusunod na pangyayari sa epiko ang maaring iugnay sa paniniwalang ito?
- Pag-aanyong agila ni Maritsa
 - Pagsunog sa bangkay ng agila
 - Labanan sa pagitan nina Rama at Ravana
 - Pagpapanggap ni Ravana bilang isang Brahmin
12. Tumanggi si Maritsa na tumulong nang malaman niyang sina Rama at Lakshamanan ang katunggali dahil “Kakampi nila ang mga Diyos” Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito?
- Maiiwasan nila ang mga kaaway dahil sila ang mga Diyos.
 - Lahat ng bagay ay kaya nilang gawin dahil binabantayan sila ng mga Diyos.
 - Ang mga kaaway ay madali nilang matatalo dahil nasa panig nila ang mga Diyos.
 - Hindi kayang labanan ng mga kaaway dahil sa supernatural na kapangyarihan na galing sa Diyos.
13. Ang India at Pilipinas ay parehas may epiko sa kani-kanilang panitikan. Alin sa sumusunod ang may pinakaangkop na pagpapaliwanag sa magkatulad na kultura ng dalawang bansa batay rito?
- Naniniwalang ang lahat ay nagmula sa Agham.
 - Ipinakikita ang paniniwala sa mga supernatural na lakas.
 - Pinaninindigang may mataas at mababang uri ng tao sa lipunan.
 - Ipinakikitang ang kagandahan ay laging nakabatay sa katotohanan.
14. Anong nangibabaw na mensahe ang nais ipabatid ng epikong Rama at Sita?
- Pagtitiwala sa pagmamahal
 - Ang paraan sa pakikipagdigma
 - Pananalig kay Bathala sa oras ng pakikipaglaban
 - Pagkilala sa pinakamataas na pinuno ng kaharian

15. Anong tema ang binigyan ng diin sa epikong Rama at Sita?

- A. politika
- B. pamilya
- C. kapangyarihan
- D. puwersa ng kalikasan



Karagdagang Gawain

Kumusta, kaibigan? Malapit mo ng matapos ang modyul na ito nang walang pag-aalinlangan. Ako ay nasisiyahan dahil natapos mo ang **Tayahin** nang mahusay.

Nakahahanga! Kaya mo pa ba? Kayang-kaya mo iyan! Upang ating lalong masukat ang iyong kaalaman at kasanayan sa modyul na ito, sagutin ang sumusunod na mga tanong. Basahin at unawain mong mabuti ang panuto. Galingan mo!

Panuto: Sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. Ano ang tinatalakay sa isang Epiko?

2. Paano ipinahahayag ang isang Epiko?

3. Gaano kahaba ang isang Epiko?

4. Sa iyong palagay, may katotohanan ba ang mga isinasalaysay ng Epiko? Ipaliwanag.

Ako ay taos-pusong nagpapasalamat sa iyo, aking kaibigan sa walang sawa mong pagtuklas sa mga bagong kaalamang natalakay sa limang aralin o sa limang modyul para sa ikatlong markahan. Binabati kita dahil nagpamalas ka ng iyong galing at ipinakita mo na ang pag-aaral ay nakalilibang basta't ito ay iyong isasapuso. Ako rin ay nagagalak dahil sinamahan mo ako sa makabuluhang paglalakbay patungkol sa kaalaman ng panitikan ng mga bansa sa Timog-Kanlurang Asya kasama ng makulay na kultura nito. Sa mga nakita at natuklasan mong mahahalagang impormasyon at aral sa bawat modyul, nawa'y magsilbing inspirasyon ang mga ito upang magpatuloy ka sa iyong pag-aaral. Magkaroon ka ng determinasyon sa buhay at lakas ng loob na magpatuloy sa kabila ng mga problema na iyong nararanasan at mararanasan pa lalong-lalo na ngayon dahil may pandemya tayong dulot ng COVID-19. Maraming Salamat!



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. C
2. D
3. B
4. A
5. C
6. D
7. D
8. A
9. D
10. B
11. D
12. C
13. A
14. C
15. D

Balikan

Narito ang ilan sa mga mungkahing sagot ngunit amunang sagot ay maramat na kaugnay sa India.

1. Namaste
2. Hinduismo
3. Taj mahal
4. New Delhi
5. Mother Theresa

Surtin

Tatayahin ang bahaging ito batay sa sagot ng mag-aaral. Iminumungkahi na ang guro ay dapat na magsagawa ng paunang rebyu sa mga possibleng bayaning ilalarawan ng mag-aaral.

Pagymanin

Tatayahin ang bahaging ito batay sa sagot ng mag-aaral. Iminumungkahi na ang guro ay dapat na magsagawa ng paunang rebyu sa mga possibleng bayaning ilalarawan ng mag-aaral.

Isaisip

Nakabatay sa paglalarawan ng mga mag-aaral ng Kulturang Asyano at napiling Bayani ang sagot at nasa pasya ng guro pagwawasto.

Isagawa

Tatayahin ang bahaging ito sa pamamagitan ng inihandang pamanatayan o maaring gumamit ng sariling pamanatayan.

Tayahin

1. C
2. B
3. B
4. D
5. B
6. B
7. A
8. D
9. D
10. B
11. B
12. C
13. B
14. D
15. B

Susi sa Pagwawasto para sa Karagdagang Gawain:

1. Isang uri ng panitikang tumatalakay sa kabayanihan at pakikipagtunggali ng isang tao o mga tao laban sa kaaway. Ito ay karaniwang nagtataglay ng mga mahiwaga at kagila-gilalas o hindi kapani-paniwalang pangyayari.
2. Ang mga epiko ay inihahayag ng pasalita, patula, o paawit. (sa iba't ibang estilo); maaaring sinasaliwan ng ilang mga instrumentong pangmusika o minsan namaly wala. Ito rin ay maaaring gawin nang nag-iisa o ng grupo ng mga tao.
3. Ang haba ng mga epiko ay mula 1,000 hanggang 55,000 linya kayat ang pagtatanhal dito ay maaaring abutin ng ilang oras o araw.
4. Nakadepende sa sagot ng mga mag-aaral ang pagbibigay ng iskor para sa bilang na ito.

Sanggunian

Peralta, Romulo N. et. al. Panitikang Asyano-Ikasiyam na Baitang. Unang Edisyon. Pasig City: Vibal Group Inc., 2014.

Pinagyamang Pluma 9 (K to 12). (2015). Aklat 1 Kabanata, pahina 1-3.

Para sa mga tanong o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph